



EAAFP MOP10/D1: STRATEGIC PLAN PARA SA TAONG 2019-2028 SA PAKIKIPAGSOSYO SA EAST ASIAN – AUSTRALASIAN FLYWAY

Panimula

Ang East Asian-Australasian Flyway (ang Flyway) ay pinalawak mula Russian Far East at Alaska, papuntang timog hanggang Silangang Asya at Timog-Silangang Asya, sa Australia at New Zealand na nakapaloob sa 22 na bansa. Ang East Asian – Australasian Flyway ay tahanan sa mahigit 50 milyong gumagalang ibong pantubig galing sa mahigit 250 na iba't ibang populasyon, kasama na rito ang 28 uri ng hayop na nanganganib sa buong mundo. Sa kanilang paglilipat ang mga ibong pantubig ay umaasa sa sunod sunod na magandang produktibong tahanan na pwedeng pagpahingahan at makukunan ng pagkain, pagbuo ng sapat na enerhiya na magiging lakas nila sa susunod na yugto ng kanilang paglalakbay. Ang internasyonal na kooperasyon sa kanilang paglilipat ay samakatuwid mahalaga para mapangalagaan at maprotektahan ang mga gumagalang ibong pantubig at ang mga pupuntahan nila kung saan sila nakadepende.

Noong 2002, sa World Summit on Sustainable Development (WSSD) sa Johannesburg, South Africa, ang gobyerno ng Japan at Australia, kasama ng Wetlands International ay matagumpay na ipinanukala bilang impormal at boluntaryong Type II na Kasosyo para sa pangangalaga at mapanatiling paggamit ng mga site na mahalaga sa internasyonal na ibong pantubig sa Silangang Asya at Australasia. Ang East Asian – Australasian Flyway Partnership (EAAFP) ay bumuo mula sa tagumpay ng Asia-Pacific Migratory Waterbird Conservation Committee, ang Asia-Pacific Migratory Waterbird Conservation Strategy (APMECS), at ang mga planong aktibidad para sa Anatidae, Cranes at Shorebirds. Ang Mga diskarte at Planong Aksyon ay nagpabuti pa at nagbigay gabay sa internasyonal na kooperasyon at koordinasyon ng mga aktibidad para mapanatili at maprotektahan ang internasyonal na kahalagahan ng tahanan para sa mga gumagalang ibong pantubig mula 1996.

Noong 2004, may mga kinatawan mula sa labing isang *Governments, Inter-Governmental organizations at non-government organizations* na nagkita sa Seosan sa Republic of Korea para pag-usapan ang mga hinaharap na kooperasyon ng rehiyon para talakayin ang tungkol sa rehiyonal na pakikipagtulungan para sa pagpapanatili ng mga gumagalang ibong pantubig gamit ang modelo ng *Type II Partnership*. Napagkasunduan nila na ang Partnership na ito ay magpapalago sa kolaborasyon sa pagitan ng *Governments, Inter-governmental organizations at non-government organizations* at makabahagi tungo sa pag-abot ng mga layunin ng *Millennium Development Goals*.

Ang East Asian- Australasian Flyway Partnership (EAAFP) ay napagkasunduan noong 2006 sa Bogor, Indonesia, nang ang siyam na nasyonal Government, dalawang International Government Organisations (IGO) at anim na International Non-Governmental Organisations (INGO) ay nag sign-up para sa pagtutulungan sa pangangalaga sa mga populasyon ng gumagalang ibong pantubig sa Flyway. Ngayon ang miyembro ng Pakikipagsosyo ay 37 kabilang ang 18 na mga nasyonal Government, walong IGO's, sampung INGOs at isa sa Corporate Partner.

Tulong sa *International Waterbird Conservation Efforts*

Kinikilala ng Partnership Document na ang pagbuo at pagpapakilala ng site network para sa mga gumagalang ibong pantubig, at paghatid ng kakayahan sa pagtaguyod sa lokal na antas para makasiguro sa pangmatagalang paghahatid ng serbisyong ekolohiya na magpabuti pa sa kalagayan ng pangangalaga ng mga gumagalang ibong pantubig. Ang Pakikipagsosyo ay kinikilala na ang malawak na diskarte ng flyway ay para sa pangangalaga ng gumagalang ibong pantubig ay ang pinaka epektibong paraan para mas lalo pang mapangalagaan ang kanilang kalagayan.

Ang Pakikipagsosyo ay nag-ambag sa pagpapatupad ng ilang mga kasunduan ng Inter-Governmental at ng ibang internasyonal na balangkas, kabilang na dito ang Convention on Wetlands (Ramsar), ang Convention on Migratory Species, ang Convention on Biological Diversity (Resolution 7.4 at 7.28), ang UNDP at UNEP Project Priorities and Guidelines, ang UNEP Water Policy at ang Portfolio of Water Actions na isinulat sa 3rd World Water Forum. Paglagda ng Pakikipagsosyo bilang isang rehiyonal na inisyatibo sa loob ng balangkas ng Ramsar Convention na nakasaad sa Resolution 9.7 ay isang makabuluhang pagkilala sa kahalagahan ng Pakikipagsosyo sa Flyway.

Strategic Action para Mapangalagaan ang mga Gumagalang Ibong Pantubig at kanilang Tahanan

Sa higit 12 taon ang nakaraan, ang pakiki-isa sa Pakikipagsosyo sa EAAF ay pinangalagaan sa ilalim ng Mga Plano ng Pagpapatupad (2007- 2011 at 2012- 2017)

Sa pagkakakilala na ang mga gumagalang ibong pantubig at ang kanilang lupain at baybaying tahanan ay nasa ilalim pa rin ng tumitinding pressure mula sa mabilisang paglago ng populasyon at ang pag-unlad ng ekonomiya, partikular sa Silangan at Timog-Silangang Asya, ang EAAFP Strategic Plan 2019-2028 ay nagawa para makabuo at mapabuti pa ang mga nakaraang nagawa para matutukan ang mga pressure na nakakaapekto sa mga gumagalang ibong pantubig at kanilang tahanan.

Ang Strategic Plan ay kinikilala rin ang kahalagahan sa pag-abot ng epektibong resulta para sa pag-unlad ng ekonomiya para sa mga komunidad na nagbahagi sa mga mahalagang lokasyon ng mga gumagalang ibong pantubig, habang sinisiguro ang pagkakaroon ng de kalidad na tahanan ay kailangan para mapanatili ang populasyon ng gumagalang ibong pantubog.

Bilang nakasaad sa *Partnership Document*, ang Pakay at Layunin ng Pakikipagsosyo sa EAAF Partnership ay:

Pakay – makapagbigay ng malawak na balangkas ng flyway upang maisulong ang dayalogo, kooperasyon at pakikipagtulungan sa pagitan ng iba’t ibang mga stakeholder kasama na rito ang lahat ng mga antas ng gobyerno , mga site manager, multilateralismong kasunduang pangkalikasan, mga teknikal na institusyon, ahensya ng UN, ahensyang pangkaunlaran, pang-industriya at pribadong sektor, *academe*, non-government organisations, grupo ng komunidad at mga lokal na tao na mangangalaga sa mga gumagalang ibong pantubig at sa kanilang mga tahanan; at,

Layunin– na makita na ang mga gumagalang ibong pantubig at ang kanilang mga tahanan - ang East Asian- Australasian Flyway ay kinikilala at pinapangalagaan para sa benepisyo ng mga tao at *biodiversity*.

Pakay at Layunin ng EAAFP Strategic Plan 2019 – 2028

Ang Pakay at Layunin ng East Asian – Australasian Flyway Partnership Strategic Plan 2019-2028 ay nagpapatuloy ng mga Pakay at Layunin ng Partnership Document. Ito’y nagpapakita sa mga nagawa sa mga nagdaang dalawang Mga Planong Pagpapatupad (2007-2011 at 2012-2018) pero naglalayon na bumuo ng at paunlarin ang mga layunin ng Pakikipagsosyo na may makabuluhang kalalabasan na maabot sa darating pang 10 taon.

Istruktura ng EAAFP 2019 – 2028 Strategic Plan

Ang limang Mga layunin na ibinigay sa Partnership Document ay ang nagsilbing gabay sa pagpapalago ng EAAFP Strategic Plan 2019-2028 para makapagbigay ng Pakikipagsosyo na may 10 taong stratehiyang direksyon.

Ang limang Mga layunin ng Pakikipagsosyo na binanggit sa EAAF Partnership Document ay:

- Layunin 1** – Pagpapalago ng Network ng mga site ng internasyonal na kahalagahan para sa pangangalaga ng mga gumagalang ibong pantubig na nasa East Asian – Australasian Flyway, pagbuo sa mga tagumpay ng APMWCS networks.
- Layunin 2** – Pagpapalago ng komunikasyon, edukasyon at pampublikong kamalayan ng mga kahalagahan ng mga gumagalang ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan.
- Layunin 3** – Pagpapalago ng pagsasaliksik ng flyway at pagbabantay ng mga aktibidad, bumuo ng kaalaman at magsulong ng palitan ng impormasyon tungkol sa mga ibong pantubig at kanilang mga tahanan.
- Layunin 4** – Magtaguyod ng tahanan para sa kakayahang mamahala ng mga ibong pantubig ng mga *resource manager*, mga tagagawa ng desisyon at mga lokal na stakeholder.
- Layunin 5** – Bumuo lalo na para sa prioridad ng mga uri ng ibon at mga tahanan, malawak na mga diskarte ng flyway para mapabuti ang pangangalaga sa kalagayan ng mga gumagalang ibong pantubig.

Ang Plan ay nabuo upang makapagbigay ng magkakaugnay at istratetikong balangkas na gagabay sa pagpapatupad ng mga Kasosyo, ang Secretariat at mga kinatawan ng EAAFP (*Management Committee, Finance Sub-Committee, Technical Sub-Committee, Working Groups at Task Forces*) sa kanilang mga pagsisikap na mapangalagaan at pangmatagalang pamamahala ng mga gumagalang ibong pantubig at ng kanilang tahanan sa EAAF.

Ang pangunahing element ng Pakikipagsosyo ay ang pagbuo ng EAA Flyway Site Network upang masiguro ang isang magkakaugnay na internasyonal na pagpapahalaga sa mga site ng *wetland*, ito rin ay kinikilala at pinapamahalaan ng pangmatagalang para sa hinaharap. Ang mga gumagalang ibong pantubig ay nakadepende sa kaugnay na mga site para makompleto nila ang kanilang mga *life cycle* sa buong EAA Flyway. Ang Pakikipagsosyo ay sumusuporta rin sa iba't ibang mga aktibidad para mas lumago ang kaalaman at mas lalong madagdagan ang kamalayan tungkol sa gumagalang ibong pantubig, habang binubuo ang kapasidad para sa pangmatagalang pamamahala at pamamahala ng tahanan ng mga gumagalang ibong pantubig sa EAA Flyway.

Ang *Strategic Plan* ay nagbibigay ng balangkas upang magawa ang limang Layunin para sa EAAF Partnership Document. Sa ilalim ng bawat Layunin, ang malawak na istratetikong direksyon ay nakabalangkas para maitakda na ang mga mangyayari para sa pagbuo ng *Key Result Areas*, ang kanilang Mga Indikasyon, ang kanilang *Means of Verification at Responsible Reporting Entities*.

Ang Key Result Areas (KRAs) ay nagbibigay ng gabay sa Pakikipagsosyo sa pag-abot ng mabuti at pangmatagalang na resulta sa loob ng 2019-2028 para sag gumagalang ibong pantubig at kanilang mga tahanan.

Pagsusuri

Ang pag-uulat ng Mga Kasosyo sa Meeting of Partners (MoPs) sa pagpapatupad ng mga aktibidad ay isang mahalagang bahagi sa pag-usad ng pagsusuri kasama rito ang pagpapatupad ng *Strategic Plan*. Ito ay mahalaga na magkaroon ng sapat na prayoridad sa bawat MoP para makagawa ang Secretariat na mag-compile ng pangkalahatang ideya ng gawain ng Kasosyo.



Ang *Strategic Plan* ay maaring suriin ng pana-panahon kung ito ay kinakailangan, upang mapakita ang mga uodate sa pag-usad gawa ng KRA o antas ng Indikasyon. Ngunit, ang *Strategic Plan* ay sinasadyang magbigay ng pangmatagalang pananaw sa ginagawa ng EAAFP, na makikita sa loob ng panahong ito.

Ang *Strategic Plan* at *Partner Report* ay mas nagpapadali sa pag-uulat pati na rin ang pagsubaybay sa pag-usad sa pag-abot ng KRAs na itinakda sa *Strategic Plan*. Ang Mga Kasosyo ay inanyayahan na bumuo ng sarili nilang pagpapatupad sa mga plano nitong *Strategic Plan* sa kanilang antas.

Sa karagdagan, ang plano ng pagtrabaho ng *Secretariat* ay ihahanda para ito ay mapasama sa *Strategic Plan*. Ang plano ng pagtrabaho ng *Secretariat* ay maiugnay sa itinakda ng KRAs sa *Strategic Plan* para malinaw, masusukat na mga aktibidad, kasama na rito ang tamang panahon, ang badyet at ang mga responsableng tauhan. Ang plano ng pagtrabaho ng *Secretariat* ay maaring regular na baguhin kung makikita ng MOP na ito ay kinakailangan, habang ang *Strategic Plan* ay patuloy na magbibigay ng pangmatagalang konteksto sa loob na kung saan nagpapatukbo ang EAAFP.

Ang *Reporting Template* ay magbibigay sa bawat MoP sa loob ng 10 taong tagal na may kasamang impormasyon sa pag-usad sa pagpapatupad ng *Strategic Plan*.

Plano ng Pag-resource sa Pakikipagsosyo

Ang *EAAFP Strategic Plan 2019-2028* ay naglalayon sa positibong pagpapatupad ng EAAFP sa makatotohanang paraan. Ang pagpapatupad ay masisiguro lamang kung ang tamang pamamaraan, sa parehong pinansyal at pagdating sa tauhang kakayahan, ay mayroon ang Pakikipagsosyo. Paghahanda ng mga kailangan mapagkunan para sa pagpapatupad ng *Strategic Plan* ay ang pinaka mahalagang dapat ma-una para sa Pakikipagsosyo.

Ang Plano ng Pag-resource sa Pakikipagsosyo ay aalalay sa pagpupundo sa mga napagkasunduang aktibidad sa *Strategic Plan*, ang *CEPA Action Plan* at iba pang prayoridad na aktibidad sa humigit kumulang 10 taon nitong buhay. Ang Plano ng Pag-resource ay nagtatag ng mga prayoridad para sa pagpupundo ng *Strategic Plan* at ng pag-unlad nito ay isang pangunahing trabaho para sa Finance Sub-Committee na may suporta ng *Secretariat*.

2.0 Mga detalye ng EAAFP 2019-2028 Strategic Plan

Layunin 1 ng Pakikipagsosyo - Bumuo ng Flyway Network ng mga site ng internasyonal na kahalagahan para sa pangangalaga ng mga gumagalang ibong pantubig, pagtaguyod sa tagumpay ng Asia-Pacific Migratory Waterbird Conversation Strategy, na mayroong pangunahing layunin na pagtatag ng sapat at mahusay na network ng mga site na may pangmatagalang pamamahala.

Ang Mga Kasosyo ay sumulong sa pagbuo ng Flyway Site Network sa bilang at kahalagahan. Ang Flyway Network Sites ay pinamamahalaan para mapanatili ang kanilang internasyonal na kahalagahan para sa mga gumagalang ibong pantubig. Malaking pagsulong ang ginawa para makaiwas sa hindi magandang epekto sa mga pangdaigdigang mahahalagang site. Ang International Standards (International Finance Corporation(IFC) o ang katumbas nito) ay ginagamit sa loob at katabi ng Flyway Network Sites at ng ibang internasyonal na kahalagahan ng mga site ibong pantubig. Paparating na ang mabuting progreso sa pagbuo ng nasyonal at pakikipagsosyo sa site. Ang tatak ng Flyway Site Network ay nabuo para mas lalo pa itong makilala at makita ang internasyonal na kahalagahan ng mga site para sa mga gumagalang ibong pantubig. Ang Flyway Site Network ay nagbigigay ng benepisyo sa mga lokal na komunidad at ibang site na pinamamahalaan.

Mga Bahagi ng Pangunahing Resulta	Mga Indikasyon	Mga paraan ng Pagpapatunay	Taga-ulat
KRA 1.1 Isang komprehensibo at isang Flyway Network of Mga Site ang nabuo para sa gumagalang ibong pantubig, kasama dito ang mga lugar na hindi kasalukuyang kabilang sa Mga Protektadong Bahagi.	Indikasyon 11.1 Ang Flyway Site Network ay nagpalawak para masali ang hindi baba sa 40 pang dagdag na istraketikong internasyonal na kahalagahan ng mga site para sa mga gumagalang ibong pantubig, ang iba rito ay maaring kasalukuyang wala sa nasyonal na Protektadong Bahagi.	<i>Mga ulat ng Kasosyo Appendix V Partnership Document</i>	<i>Lahat ng Kasosyo</i>
KRA 1.2 Ang Mga Ksosyo ng Nasyonal at Site ay nabuo upang makikipag-ugnayan sa pagpapatupad ng EAAFP sa mga nasyonal at lokal na antas.	Indikasyon 1.2.1 Gabay para sa pagbuo at pagpapatakbo ng nasyonal at site na mga pakikipagsosyo ang nabuo at napagkasunduan.	<i>Ang patnubay.</i>	<i>Secretariat, Mga Kasosyo</i>
	Indikasyon 1.2.2 Hindi baba sa 50% ng Kasosyo ng Gobyerno ay mayroong aktibong <i>National Partnership</i> at <i>site partnerships</i> ay nabuo para sa hindi baba nang 50% ng Flyway Network sites.	<i>Mga ulat ng Kasosyo.</i>	<i>Mga Kasosyo, Secretariat.</i>
KRA 1.3 Ang Flyway Network Sites ay	Indikasyon 1.3.1 Hindi baba sa 50% ng Flyway Network Sites ang	<i>Mga ulat ng Kasosyo</i>	<i>Mga kasosyo.</i>



<p>pinahahalagahan ng komunidad at pinamamahalaan ng pangmatagalan.</p>	<p>may kasalukuyang plano sa pamamahala na nakatuon sa naturang mga layunin para sa pagpapangalaga ng mga gumagalang ibong pantubig at ng kanilang tahanan at ito ay madalas na pinapatupad. Ang mga stakeholders ay may partisipasyon sa plano ng pamamahala at ito ay pinapabuti pa ng iba't ibang ahensya.</p>		
	<p>Indikasyon 1.3.2 Hindi baba sa 50% ng Flyway sites ay kinikilala ang Flyway Site Network bilang tatak nito para sa pagpapanatili ng mga gumagalang ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan sa EAAF</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo Mga ulat ng Secretariat, EAAFP Website and Newsletter</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, Secretariat</i></p>
	<p>Indikasyon 1.3.3 Lahat ng Mga kasosyo ay gumagamit at sumusunod ng may International standards (IFC o katumbas) para sa pagbuo sa loob at tabi sa FNS at iba pang internasyonal na kahalagahan sa mga site ng ibong pantubig..</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo, Monitoring Task Force.</i></p>	<p><i>Mga kasosyo.</i></p>
<p>KRA 1.4 Kung mamarapatin, ang Flyway Network Sites ay itinataguyod upang magamit sa pagsuporta sa pangkabuhayang ng mga lokal na komunidad</p>	<p>Indikasyon 1.4.1 Kung saan ang lokal na komunidad at ang Flyway Network Sites ay nakadepende sa mga natural na kalikasan ng site para sumuporta sa pangkabuhayan, ito ay nangyayari ng wala namang masamang epekto sa mga gumagalang ibong pantubig at sa kanilang mga tahanan.</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo, EAAFP Webiste at Newsletter</i></p>	<p><i>Secretariat, Mga kasosyo</i></p>
<p>KRA 1.5 Ang Mga kasosyo at mga lokal na stakeholder ay kabilang sa pag responde sa mga aktibidad na maaring magdulot ng hindi maganda sa Flyway Network Sites.</p>	<p>Indikasyon 1.5.1. Ang antas ng pakikipag-ugnayan ng EAAFP Partners at lokal na komunidad sa pag responde sa mga panganib sa Flyway Network Sites ay ipinapakita sa bilang ng pagpupulong at mga pangyayari na isinasagawa na dumadalo rin ang mga partisipante</p>	<p><i>Mga ulat ng kasosyo, Kaugnay na Working Groups at Mga ulat ng Task Force.</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, Kaugnay na Working Groups at Ulat ng Task Force.</i></p>
<p>KRA 1.6 Ang EAAFP Sister Site Programme ay lumalawak na.</p>	<p>Indicator 1.6.1 Hindi baba sa limang bagong relasyon ang nabuo ng EAAFP Sister Site</p>	<p><i>Kasosyo at Mga ulat ng Secretariat</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, Secretariat</i></p>
<p>KRA 1.7 Ang <i>membership</i> ng EAAFP ay lumawak para makapaghatid ng matibay na resulta para sa mga gumagalang ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan.</p>	<p>Indikasyon 1.7.1 Ang <i>Membership</i> ay mas lalong dumarami</p>	<p><i>Appendx I ng Partnership Document</i></p>	<p><i>Secretariat, Committee ng Pamamahala.</i></p>



Layunin 2 ng Pakikipagsosyo – Pagbutihin ang komunikasyon, edukasyon, pakikilahok at kamalayan (CEPA) sa kahalagahan ng mga gumagalang ibong pantubig.

Kinikilala ng Mga Kasosyo ang kahalagahan ng pagsali ng stakeholder sa CEPA sa pangangalaga ng gumagalang ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan. Ang Mga Kasosyo ay nagplano at aktibong nagpapatupad ng epektibong komunikasyon, edukasyon at mga aktibidad ng kamalayan at sinimulang pagtitipon para makasiguro ng isang epektibong pagpapanatili ng mga gumagalang ibong pantubig at ang pangmatagalang pamamahala ng kanilang mga tahanan. Ito ay maisasakatuparan sa pangmatagalang suporta galing sa *wetland guardianship*, kasama na rito ang mga lokal na komunidad. Ang Mga Kasosyo ay nakabuo ng *flyway knowledge network* para makapagbahagi ng impormasyon, mga kasanayan at kaalaman, kasama na rito ang tradisyonal na kaalaman tungkol sa kalikasan ng mabubuting gawain mula sa mga aktibidad ng CEPA.

Mga Bahagi ng Pangunahing Resulta	Mga Indikasyon	Mga Paraan ng Pagpapatunay	Taga-ulat
KRA 2.1 Ang nakamit na mga element sa EAAFP CEPA Action Plan (2019-2024)	Indikasyon 21 Ang CEPA Action Plan ay sinubaybayan at pinag-aralan at ina-update sa pangangailangan nito at ipinaalam sa EAAFP.	<i>Mga ulat ng Kasosyo, WG at TF at mga ulat ng Secretariat.</i>	<i>Mga ulat ng Kasosyo, WG at TF at mga ulat ng Secretariat.</i>

Layunin 3 ng Pakikipagsosyo – Pagpapabuti sa pananaliksik ng flyway at mga sinusubaybayang aktibidad, bumuo ng kaalaman at isulong ang palitan ng impormasyon tungkol sa ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan.

Ang Kasosyo, Working Groups at Task Forces ay naglagay ng epektibong programa at kolaborasyon ng mekanismo na nakaka-ambag sa kaalaman ng mga epekto sa pagpalit ng klima at ng pangmatagalang gamit sa pangangalaga ng mga gumagalang ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan. Ang mga programang pagsasaliksik ay mahalaga at magbibigay ng mahalagang suporta para sa pangangalaga at pangmatagalang pamamahala sa mga gawain (partikular ang pangmatagalang paggamit ng mga mapagkunan para sa mga lokal na pangkabuhayan at mga benepisyo nito). Ang pananaliksik ay kumukuha at gumagamit bilang tamang tradisyonal at lokal na kaalaman at ang nabuong impormasyon sa pamamagitan ng mga aktibidad ng pagsasaliksik at mga pag-aaral ng kaso, at ang resulta ay ibinabahagi at ginagamit para mapanatili ang gumagalang ibong pantubig at kanilang mga tahanan. Ang listahan ng lokasyon ng internasyonal na kahalagahan para sa gumagalang ibong pantubig ay inauupdate at inu-una para sa pamamahala ng pagpapanatili. Ang pag larawan ng mga data ng populasyon na nauuso para sa ibong pantubog at distribusyon nito ay ipapanatili ng Pakikipagsosyo.



Pagsubaybay, kasama na rito ang paggamit ng citizen science, ay pinahalalagan bilang isang instrumento sa pagpapatakbo ng pagsasaliksik at pagsuporta sa paggawa ng desisyon para makilala at mabalik ang *causal drivers of declines* ng gumagalang ibong pantubig at ang pagpapanatili at kanilang mga tahanan.

Mga Bahagi ng Pangunahing Resulta	Mga Indikasyon	Mga Paraan ng Pagpapatunay	Taga-ulat
KRA 3.1 Mga sistema ng nasyonal na pagsusubaybay para masuri ang kalagayan ng mga gumagalang ibong pantubig at ng kanilang tahanan ay itinatag, napanatili at mas lalo pang pinapabuti.	Indikasyon 3.1.1. Isang pamantayan sa pagsubabay at paraan para sa mga gumagalang ibong pantubig at ang kanilang mga tahanan ay binubuo at ginagamit sa <i>nationally coordinated monitoring programmes</i> .	<i>Mga ulat ng Kasosyo, Ulat ng Monitoring Task Force</i>	<i>Mga Kasosyo, Ulat ng Monitoring Task Force</i>
	Indikasyon 3.1.2 Lahat ng bansang magkapares ay mayroong <i>nationally coordinated monitoring programmes</i> .	<i>Mga ulat ng Kasosyo</i>	<i>Mga kasosyo, Monitoring Task Force</i>
KRA 3.2 Ang kalagayan sa pangangalaga ng mga pag-aaral para sa populasyon ng ibong pantubig ay ginagawa at ina-update para makapagtalaga at iakma ang prayoridad sa mga aksyon na gagawin.	Indikasyon 3.2.1 Mga data na naglalarawan sa tinatansyang populasyon ng ibong pantubig, mga trend at distribusyon ay mayroon para sa Kasosyo.	<i>Mga ulat ng Kasosyo, Pagsusuri sa Kalagayan ng Pangangalaga</i>	<i>Mga kasosyo, Wetlands International. Technical Sub-Committee may kaugnayang Working Groups.</i>
	Indicator 3.2.2 Indikasyon 3.2.2 Dalawang mga update ng tinatansyang populasyon ng waterbird ang isinagawa at inilathala	<i>Mga ulat ng Technical Sub-Committee, EAAFP Webiste at Newsletter</i>	<i>Wetlands International, Technical Sub-Committee, Secretariat.</i>
KRA 3.3 Naka-update na listahan ng mga site ng internasyonal na kahalagahan para sa gumagalang ibong pantubig para sa pamamahala ng pangangalaga at pagpapauna.	Indicator 3.3.1 Indikasyon 3.3.1 Isang updated na lista ng site ng internasyonal na kahalagahan para sa mga gumagalang ibong pantubig para sa paraan ng pangangalaga at pagbibigay halaga na mapapanatili ng Pakikipagsosyo.	<i>Mga ulat ng Kasosyo, magkaugnay na ulat ng working group, EAAFP Webiste at Newsletter</i>	<i>Mga Kasosyo, Technical Sub-Committee, magkaugnay na Working Groups, Secretariat</i>
KRA 3.4 Isang matibay na pagkakaintindi ay binuo sa mga inaasahang epekto ng pagbabago ng klima sa mga ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan at ito ay planong nagpapaalam at pamamahala ng	Indikasyon 3.4.1. Pinabuting kaalaman tungkol sa panganib, kasama na rito ang epekto ng pagbago ng klima, sa mga ibong pantubig at ang kanilang tahanan ay ibinahagi at ang mga dapat na aksyon ay	<i>Mga ulat ng Kasosyo, ulat ng institusyon ng pananaliksik, magkaugnay na ulat ng Working Group at Task Force, EAAFP Website at Newsletter.</i>	<i>Mga Kasosyo, Technical Sub-Committee, magkaugnay na Working Group at Task Force, Secretariat</i>

mga site.	ginawa kung saan posible.		
KRA 3.5 Ang programa ng pagtutulungang pananaliksik ay na itakda para makapagbigay ng epektibong suporta para sa pagpapanatili at pangmatagalang pamamahala, partikular ang pangmatagalang gamit ng mga mapagkukunan para sa mga benepisyo ng lokal na pangkabuhayan.	Indikasyon 3.5.1. Ang mga programang pagsasaliksik sa pagpapabuti ng pagpapanatili at pangmatagalang pamamahala ay ipinalabas at ito ay dumarami.	<i>Mga ulat ng Kasosyo, Mga ulat ng institusyon ng pananaliksik, magkaugnay na ulat ng Working Group</i>	<i>Mga kasosyo, Technical Sub-Committee, magkaugnay na Working Group at Task Force, Secretariat</i>
	Indikasyon 3.5.2 Ang nabuong kaalaman ay ginagamit sa hindi bababa sa 50% ng internasyonal na kahalagahan ng lokasyon para sa mga gumagalang ibong pantubig.		
KRA 3.6 Mga gabay sa pinakamabuting gawa para sa ibong pantubog at sa kanilang mga tahanan na mga programa sa pangangalaga, kasama na rito ang pagsasama ng nakasanayang kaalaman, ay nabuo at ginawang <i>available</i> .	Indikasyon 3.6.1 Ang gabay sa mabubting gawa ay nasa EAAFP website.	<i>Mga ulat ng Kasosyo, Mga ulat ng Working Groups, EAAFP Website at Newsletter</i>	<i>Secretariat, Mga Kasosyo, Technical Sub-Committee, magkaugnay na Working Groups at Task Forces.</i>

Layunin 4 ng Pakikipagsosyo – Magbuo ng tahanan at kakayahan ng pamamahala a ng ibong pantubog ng mga *natural resource managers*, mga tagagawa ng desisyon at lokal na mga stakeholder.

Ang pagtaguyod ng mga kasanayan sa Flyway ay kinikilala bilang isang prayoridad. Ang Mga kasosyo at ang Secretariat ay nagbigay ng kinakailangang kagamitan sa pagsasanay at pagtulong sa mga site manager, mga resource manager, tagagawa ng desisyon at ang mga lokal na stakeholders Isang matibay na pag-unawa sa pangangalaga ng gumagalang ibong pantubig, pamamahala ng isyu ng *wetland*, pangmatagalang pamamahala ng mga lokasyon at lokal na pangkabuhayan at mga isyu nito ay natanggap na bilang isang mahalagang bahagi ng epektibong kasanayan sa pagbubuo. Ang Kasosyo ay matagumpay na nagbahagi at makabagong kasanayan sa paggawa ng mga karanasan at mga kagamitan dito.

Mga Bahagi ng Pangunahing Resulta	Mga Indikasyon	Mga paraan ng Pagpapatunay	Taga-ulat
<p>KRA 4.1 Ang EAAFP ay isinusulong ang paggamit ng hanay ng mga mahahanap na kagamitan sa pagsasanay at nagbibigay rin sila ng pag-alalay para matutukan ang mga hamon sa Flyway Network Sites.</p>	<p>Indikasyon 4.1.1 Ang lahat ng Mga Kasosyo at Secretariat ay mayroong mekanismo para sa pagtaguyod ng kakayahan para mapabilis ang pagbabahagi ng kaalaman, kagamitan at karanasan.</p>	<p><i>EAAFP Focal Point Manual, Ulat ng Secretariat</i></p>	<p><i>Secretariat.</i></p>
	<p>Indikasyon 4.1.2 Ang Mga Kasosyo at ang Secretariat ay kabilang ang pagsusuri sa pagtaguyod ng kakayahan sa mga iminungkahing proyekto.</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo Mga ulat ng Secretariat.</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, Secretariat</i></p>
	<p>Indikasyon 4.1.3 Ang online na manual sa teknikal na pagsasanay ng EAAFP para sa pamamahala ng Flyway Site ay suportado at ginagamit ng hindi baba sa 50% ng Flyway Site Managers.</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo, Secretariat reports.</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, Secretariat</i></p>
<p>KRA 4.2 Ang Kakayahan ng Partner Focal Points at mga site manager ay magpatuloy sa mga layunin ng EAAFP ay lalong tumindi.</p>	<p>Indikasyon 4.2.1 Ang manual sa pagpapatupad ng EAAFP para sa Focal Points ay ginawa at ipinamigay pagbibigay ng itinakdang mga resource materyal para sa pagpapatupad at kaalaman ng EAAFP</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo, EAAFP Newsletter, mga ulat ng pagsasanay, mga ulat ng Secretariat.</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, Secretariat.</i></p>
	<p>Indikasyon 4.2.2 Hindi bababa sa isang pagpupulong ng Partner Focal Points, kasama na dito ang mga site managers, ang gagawin sa bawat taon.</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo, EAAFP Newsletter, mga ulat ng pagsasanay Secretariat reports.</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, Secretariat.</i></p>
	<p>Indicator 4.2.3 All Partner Focal Points are submitting their partner reports prior to each MoP.</p> <p>Indikasyon 4.2.3 Lahat ng Partner Focal Points ay nagsusubmite ng kanilang partner report bago ang bawat MoP</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo, Ulat ng Secretariat.</i></p>	<p><i>Mga Kasosyo, Secretariat.</i></p>
<p>KRA 4.3 Ang mga korporasyon na may mga operasyon na nakakaapekto sa mga gumagalang</p>	<p>Indicator 4.3.1 Indikasyon 4.3.1 Dumaraming bilang ng internasyonal na kahalagahan ng mga site at mga</p>	<p><i>Mga ulat ng Kasosyo, Ulat ng Secretariat.</i></p>	<p><i>Mga Kasosyo,</i></p>

<p>ibong pantubig ay isinasama sa paghatid ng mas mabuting resulta para sa pagpapanatili ng mga ibong pantubig at kanilang mga tahanan.</p>	<p>programa, kung saan ang mga Korporasyon ay nakikibahagi sa positibong resulta para sa mga gumagalang ibong pantubig at kanilang mga tahanan.</p>		<p>Secretariat.</p>
--	---	--	---------------------

Layunin 5 ng Pakikipagsosyo - Bumuo, lalo na para sa mga pangunahing uri at mga tahanan nito, mga diskarte sa pagpapalawak ng flyway para mapabuti pa ang pangangalaga sa kalagayan ng gumagalang ibong pantubig.

Protektado mula sa mga panganib ang gumagalang ibong pantubig at ang pagdami ng mga populasyon. Bumaba ang mga panganib sa mga gumagalang ibong pantubig. Ang imporasyon tungkol sa mga gawaing ito ay ibinabahagi sa Flyway Partnership. Ang Mga kasosyo ay aktibo ring nakiki-isa sa pagsulong ng nasusukat na askyong para mapanatili ang gumagalang ibong pantubig at ang mga tahanan sa EAAF. Ang Mga kasosyo ay gumagamit ng mahalagang multilateral rehiyonal at bilateral na mga kasunduan at iba pang rehiyonal na mekanismo, pati na rin sa pagpapanatili ng gumagalang ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan papunta sa isang instrumento ng pangkalahatang patakaran kasama na rito ang pagtanggap sa epekto ng pagbabago ng klima. Ang Pakikipagsosyo ay tapat sa pagpapabuti sa pakikipagtulungan at pagbabahagi ng impormasyon sa iba pang mga inisyatibo ng Flyway.

Mga Bahagi ng Pangunahing Resulta	Mga Indikasyon	Mga Paraan ng Pagpapatunay	Taga-ulat
<p>KRA 5.1 Ang Mga kasosyo ay aktibong nakikipag-tulungan para makabuo ng iba't ibang pagtalakay kung paano mapapanatili ang mga gumagalang ibong pantubig at kanilang tahanan sa EAAF at karatig na mga nasyonal na dulo.</p>	<p>Indikasyon 5.1.1 Hindi bababa sa 50% ng Mga kasosyo ang nakikipagtulungan sa karatig na mga inisyatibo ng nasyonal na dulo para sa pagpapanatili ng gumagalang ibong pantubig, lalo na sa mga nasa panganib na mga gumagalang ibong pantubig.</p>	<p><i>Mga ulat ng kasosyo, magkaugnay na Working Group at Task Force na mga ulat, mga ulat ng Technical Sub-Committee, EAAFP Website at Newsletter.</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, magkaugnay na Working Group at Task Forces, Technical na Sub Committee, Secretariat.</i></p>
<p>KRA 5.2 Ang mga nasa panganib na mga gumagalang ibong pantubig ay protektado at ligtas mula sa panganib at ang populasyon ay nananatili at dumarami.</p>	<p>Indikasyon 5.2.1 Ang Pakikipagsosyo, sa pamumuno ng IUCN, BirdLife International & Wetlands International, ay nag-a-update at nagpapanatili ng listahan ng mga nasa panganib na populasyon ng mga gumagalang ibong pantubig, hinihikayat ang Government Partners na protektahan ang mga ito at ang populasyon sa ilalim ng nasyonal na batas.</p>	<p><i>Mga ulat ng kasosyo, magkaugnay na Working Group at Task Force na mga ulat, mga ulat ng Technical Sub-Committee, Pagsusuri sa Kalagayan ng Pangangalaga, Mga Tanya sa Populasyon ng Ibong Pantubog at IUCN Red</i></p>	<p><i>Mga kasosyo, Technical na Sub Committee, magkaugnay na Working Group at Task Forces.</i></p>

		<i>List.</i>	
	Indikasyon 5.2.2 Ang Single Species Action Plans ay ginawa at pinatutupad para sa mga nasa panganib na mga uri ng gumagalang ibong pantubig sa EAAF.	<i>Mga ulat ng Kasosyo, mga ulat ng Task Force.</i>	<i>Mga kasosyo, magkaugnay na Task Force.</i>
	Indikasyon 5.2.3 Ang populasyon ng mga nasa panganib na gumagalang ibong pantubig ay maaring yun pa rin o dumarami.	<i>Mga ulat ng kasosyo, magkaugnay na Working Group at Task Force na mga ulat, mga ulat ng Technical Sub-Committee, Pagsusuri sa Kalagayan ng Pangangalaga, Mga Tanya sa Populasyon ng Ibong Pantubog at IUCN Red List.</i>	<i>Mga kasosyo, Technical na Sub Committee, magkaugnay na Working Group at Task Forces.</i>
KRA 5.3 Ang Rehiyonal na <i>Action Plans</i> ay binuo at pinapatupad para sa mga pangunahing rehiyon ng EAAF.	Indikasyon 5.3.1 Pagbuo at pagpapatupad ng Rehiyonal na <i>Action Plans</i> para sa mga rehiyon na may parehong kritikal na panganib sa EAAF.	<i>Magkaugnay na ulat ng Task Force.</i>	<i>Mga kasosyo, Magkaugnay na Task Forces.</i>
KRA 5.4 Mga hakbang para mas mapaliit at kung maaring matanggal ang illegal na pangangaso, pagkuha at pagbenta ng gumagalang ibong pantubig ang isinasagawa at ipinapatupad.	Indikasyon 5.4.1 Lahat ng Government Partners ay may mekanismo na nakahanda para mabawasan ang hanggat sa maari ang matanggal ang ilegal na pangangaso, pagkuha at pagbenta ng mga gumagalang ibong pantubig	<i>Mga ulat ng kasosyo, Illegal na Pangangaso, Mga ulat ng Take and Trade of Migratory Waterbirds Task Force, EAAFP Website at Newsletter.</i>	<i>Illegal na Pangangaso Take and Trade of Migratory Waterbirds Task Force, Mga Kasosyo, Secretariat.</i>
KRA 5.5 Ang pangangalaga ng mga gumagalang ibong pantubig at ng kanilang mga tahanan ay mapabilang sa nasyonal na batas at/o patakaran na mga instrumento kasama na dito ang pagtanggap sa mga epekto ng pagbabago ng	Indikasyon 5.5.1 Ang lahat ng Government Partners ay mayroong mahalagang nasyonal na batas at/ o patakaran na mga instrumento kasama na dito ang probisyon sa pangangalaga ng mga gumagalang ibong pantubig at kanilang mga tahanan.	<i>Mga ulat ng Kasosyo.</i>	<i>Mga Kasosyo ng Gobyerno.</i>



panahon.			
KRA 5.6 Ang pangangalaga ng mga gumagalang ibong pantubig at kanilang mga tahanan ay binahagi sa isang mahalagang multilateral at bilateral na mga kasunduan at iba pang mga mekanismong rehiyonal	Indikasyon 5.6.1 Ang mga mahalagang mga pangkalikasang kasunduan ay kinikilala ang EAAFP bilang isang epektibong rehiyonal na balangkas sa pangangalaga ng mga gumagalang ibong pantubog at ng kanilang mga tahanan..	<i>Mga desisyon na sinunod sa pamamagitan ng MEA at BA.</i>	<i>Secretariat, Mga Kasosyo.</i>